



Nagpapatuloy ang transpormasyon sa Downtown Brampton

BRAMPTON, ON (Abril 20, 2022) – Sumasailalim ang Downtown Brampton sa isang transpormasyon, simula sa linggong ito sa unang yugto ng konstruksyon ng Rehiyon ng Peel para palitan ang watermain at mga sanitary sewer sa lugar.

Sa panahon ng Stage 1 ng konstruksyon, ang kontraktor ng Rehiyon ay ookupa sa dalawang panggitnang lane ng Queen Street East, at ang Queen Street ay babawasan at gagawing isang lane sa bawat direksyon mula sa tinatayang Main Street papunta sa GO Tracks silangan ng Chapel Street. Ang setup na ito ng pagkontrol sa trapiko ay babaguhin para sa konstruksyon ng underground na imprastraktura at mga trabaho sa ibabaw. Gayunpaman, ang isang lane ng trapiko ay imamantini sa Queen Street sa lahat ng oras.

Ang pagparada sa kalye sa lugar ng aktibong konstruksyon ay hindi pwede sa Queen Street. Ang libreng pagparada ay pwede sa [municipal parking garages](#): Nelson Square, Market Square, West Tower, City Hall at John Street.

Titiyakin ng Rehiyon na ang mga negosyo ay may access sa delivery sa lahat ng oras sa pamamagitan ng mga laneway sa likod ng mga gusali. Sa unang stage na ito, ang Harmsworth Lane at Garden Square Lane ay maaaring gamitin para sa pagpapadali ng mga delivery at pagkarga at pagdiskarga para sa mga negosyo. Tinitiningnan din ng Lungsod at iniaalay ang zone ng pagkarga/pagdiskarga sa Main Street South sa pagitan ng John Street at Queen Street, na tutulong sa pag-assist sa mga pickup para sa mga restawran at mga negosyo ng pagkain.

Pananatilihin ang access ng mga taong naglalakad sa lahat ng negosyo, at mananatiling bukas ang mga sidewalk. Mayroong ilang pangmaikling panahon na trabaho sa loob ng mga boulevard, na susundan ng kumpletong pagpapalit ng mga curb at sidewalk, kapag itunuro sa kabilang bahagi ng kalye ang mga taong naglalakad..

Para sa mga detalye sa konstruksyon, kabilang ang mga timeline, bisitahin ang [website ng Rehiyon ng Peel](#).

Suportahan ang Lokal

Ang negosyo ng downtown Brampton ay natamaan nang mabuti ng pandemyang COVID-19, at ang Lungsod ay dedicated sa pagpapababa sa mga abala at sa pagsuporta sa kanila sa pagbangon ng ekonomiya habang patuloy itong namumuhunan sa mahalagang pagpapahusay sa imprastraktura para mapaganda ang mga espasyo ng publiko.

Hinihikayat ang mga residente na patuloy na bumisita sa mga negosyo sa downtown sa panahong ito. Makikita ninyo ang kumpletong talaan ng maliliit na mga negosyo ng Brampton sa [website ng Suportahan ang Lokal Brampton](#).

Para sa isang talaan ng available na mga opsyon ng pagparada para bisitahin ang inyong paboritong mga negosyo habang nagpapatuloy ang konstruksyon, bisitahin ang www.brampton.ca.

Downtown Brampton Projects Centre

Bukas ang [Downtown Brampton Projects Centre \(DBPC\)](#). Ang staff ng Lungsod ay handa nang tulungan ang mga negosyo at mga residente, at na magpatuloy sa paghahatid ng mga programa at mga inisyatiba para mapasigla ang downtown. Magiging available din ang staff ng Rehiyon ng Pell sa panahon ng konstruksyon.

Alamin ang mas marami pa tungkol sa DBPC sa www.brampton.ca/downtownbrampton.

Tungkol sa Integrated Downtown Plan

Ang mga pagpapaganda na ito ay isang mahalagang parte ng pagpapasigla sa Integrated Downtown Plan (IDP), isang strategic na plano para sa aksyon na nagko-coordinate sa maraming nagpapatuloy na mga inisyatiba at mga proyektong imprastruktura ng Downtown Brampton na inaasahang gagabay sa paglago sa hinaharap at strategic na pamumuhunan.

Ang panggabay na prinsipyo ng IDP ay pagiging nagsasali sa lahat, inobasyon at pagiging sustenable. Makakatulong ito sa pag-coordinate ng mga upgrade sa imprastruktura, urban design, paggamit ng lupa, at mga interbensyon sa programa – pumoposisyon sa Brampton bilang isang mahalagang pang-ekonomiyang driver, rehiyonal na pangkulturang hub, at Innovation District.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa IDP, bisitahin ang www.brampton.ca/IDP.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Downtown Brampton, bisitahin ang www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca